

Chapter One



Nanay lang talaga niya ang makakagawa nito sa kanya.

Isinandal ni Cain ang likod ng ulo sa headrest ng upuan habang patuloy sa pagtalak ang kanyang ina sa backseat. Hindi niya mapigilang isipin kung bakit hindi naging politician ang mama nila. Rowena Lorenzanas could bring someone like Hitler to his knees.

Pero tama lang siguro na walang political ambition ang kanilang ina. Kung nagkataon, isang totalitarian government ang problema nila. Mabuti sana kung maganda ang lahat ng ideya ni Rowena Lorenzanas. Sa kasamaang palad, may sayad madalas ang ginang. Sino ang magpapangalan ng Cain at Abel sa kambal nitong anak? Si Rowena Lorenzanas lang.

“Stop pouting, Cain!” anito, iwinawasiwas ang mga daliring puno ng ginto at diamante. “This is for your own good! Kung hindi ka namin pipiliting magbakasyon, mamamatay ka sa desk mo sa office!”

Matabang niyang ibinaling ang titig sa mga puno sa labas ng bintana. Sumilip ang sinag ng araw mula sa mga puwang ng dahon at nahagilap ng kanyang mga mata ang pagkinang ng tubig sa di kalayuan.

“You’re insulting my secretary, Mother. Kayang

patakbuhi ni Daisy ang *Pentagon* at *White House* habang nagpapatuyo ng manicure niya. Tingin n'yo makakalimutan niyang pakainin ako?"

"Oh, dear. Good old Daisy is wonderful, but I'm your mother and I know what's best for you. I swear, Cain, tatanda kang mag-isa sa ginagawa mo. Walang kasama ni aso o pusa sa tabi mo! Do you want that?"

Narinig niyang tumawa nang kaunti ang kakambal niyang si Abel, at matalim niya itong tinapunan ng tingin mula sa rear-view mirror. Para siyang tumitig sa sariling repleksyon. Maitim at medyo kulot ang buhok, matigas ang mga anggulo ng mukha, makapal ang pilikmata—mukha silang identical twins ng kambal niya. Kung hindi lang ipina-check ni Cain ang DNA nila para makasigurong fraternal twins sila ay hindi siya maniniwalang hindi sila identical. Isa lang ang dahilan kaya madali silang makilala—parang laging Pasko ang mukha ni Abel habang parang laging Mahal na Araw ang sa kanya.

Ngumisi si Abel at ibinaon ang mukha sa leeg ng fiancée nitong si Janina.

"Oo nga naman, Cain," untag ng kanyang ama mula sa backseat sa tabi ng ina. "Halos atakehin kami sa puso ng mama mo n'ung madatnan ka naming nakahandusay sa living room mo. Susme, akala namin kung ano na'ng nangyari sa 'yo!"

"I'm fine," angal niya. "Nakatulog lang ako sa sala."

Pinandilatan siya ng ina. "Hinimatay ka sa

pagod!”

Itiniim niya ang bagang. Ano ba siya, ten years old?

Nakita niyang pasimpleng ngumisi rin si Manong Ponciano sa likod ng manibela. Tumahol din ang dambuhalang Alaskan Malamute ni Janina sa backseat na para bang sinasabing, lagot ka sa nanay mo!

Wonderful, uyam niya sa sarili. Pati ang aso nakikiisa sa paggisa sa kanya. Nakatanggap din ba ito ng memo na ngayon ay ang *Pagkaisahan si Cain Joseph Lorenzanas Day*?

“This place is good for you.” Humalukip si Rowena Lorenzanas at itinaas ang noo na tila ba may nakatukod na stick sa baba nito. “Makakabuti sa ’yo ang hanging dagat. You need fresh air. You need greenery. You need rest.”

He needed privacy, gusto niyang isumbat. Pero kinagat niya ang dila. Napagtanto niya noong ten years old siya na kailangan niyang maging choosy sa mga pinipiling giyera. At ang giyera laban sa kanyang ina ay isang bagay na hindi niya gugustuhing salihan. Hindi na siya ten years old, pero may espesyal na paraan pa rin ang kanyang ina para gawing impiyerno ang buhay niya kung gusto nito.

He learned that the hard way—when he was nineteen and his mother posted his embarrassing baby pictures in school when he refused to go home for the holidays.

“This place is wonderful, Janina,” narinig niyang saad ng ina. “Dapat sumama kayo sa ’min ni Abel n’ung nagbakasyon kami dito n’ung nakaraan. Ang ganda ng Santacruzán dito! Parang beauty pageant, di ba, Dear?”

Alam niyang nakangiti ang tatay nila. “Yes, Dear.”

“Ang bait n’ung may-ari ng resort na tinuluyan namin. Sayang nasa abroad sila ngayon, pero and’yan ’yung anak nilang si Mia. She’s such a sweet girl, di ba, Dear?”

“Yes, Dear.”

“You’ll love this place! Magugustuhan n’yo ’yung resort. Dito na lang kayo magpakasal ni Abel.”

Ipinikit ni Cain ang mga mata at itinuon ang atensyon sa kanyang paghinga. Kinaladkad siya ng ina mula sa condo para magbakasyon dito, dapat na lang niyang gamitin iyon para makapagpahinga.

Pero wala pang beinte minutos ay naramdaman niyang huminto ang SUV at tumitili na ang kanyang mama sa excitement.

“Here we are. Oh, you’ll love it here, Janina! The place is just beautiful.”

Narinig niya ang pagbukas ng pinto ng sasakyan at ang paglabas ng mga kasama. Tumahol si Harry at sigurado siyang kumakawag-kawag din ang buntot ng alaga ng fiancée ni Abel.

“Cain.” Naramdaman niyang tinapik siya ng ina sa balikat. “Tumigil ka na sa pagpapanggap na tulog ka. Kita ko ’yang kunot sa noo mo. Gising ka pa!”

Bumuga ng hangin ang binata at pinilit ang sariling tumayo. “Yes, Mother,” angal niya pero hindi na siya napansin nito.

Nakalabas na ito ng sasakyan.

Homey. Iyon ang unang pumasok sa isip niya nang makita ang dalawang palapag na bahay. Pang-American cottage ang istilo niyon. Naroon ang pakiramdam na inaanyayahan sila ng bahay para umupo at magpahinga. Kulang na lang ay may lumabas na kumakantang babae na may dalang basket ng prutas at tinapay para imbitahan silang tumuloy.

“Hindi ito ’yung commercial resort n’ung pamilya, ito talaga ’yung bahay nila,” narinig niyang paliwanag ng mama niya kay Janina. “They are wonderful people. They opened their own home for us.”

May lumabas na isang may-edad na babae at nakangiting sinalubong sila.

“Mrs. Lorenzanas!” bati ng babae.

“Aling Netty!” bati ng mama nila.

Iniiikot niya ang tingin sa paligid. Kumikinang ang asul at berdeng tubig-dagat ilang metro lang mula sa kanila. Makapal ang mga puno at halaman sa kalapit na burol at walang ibang bahay na makikita sa paligid.

“Pasok na po kayo!” masiglang anyaya ni Aling Netty. “Kanina pa namin kayo hinihin—”

“Tita!”

Sabay-sabay silang napalingon sa babaeng

sumigaw.

A princess in a frilly pink dress. Iyon ang unang pumasok sa isip ni Cain nang makita ang maputing babaeng tumatakbo papunta sa kanila. Mukhang gustong kumawala ng kulot nitong buhok mula sa pagkakatali sa bawat pagkalog ng ulo nito at tila mapupunit ang porselana nitong pisngi sa lapad ng ngiti. Kahit ilang metro pa ang layo nito sa kanya, aninag niya ang kinang ng mga mata ng babae.

“Tita, mabuti naman at—”

Nadulas ang isang paa nito sa patag na damuhan at parang mga mata ng goldfish na lumaki ang bilugang mga mata nito. Lahat sila ay tila tinurukan ng yelo at walang nagawa kundi mapasinghap nang animo’y slow motion na napasalampak ang babae na parang palaka sa damuhan.

“Aw,” usal niya, hindi mapigil ang mapangiwi. Sigurado siyang masakit iyon.

“Mia!” Si Aling Netty ang unang nahimasmasan at tumakbo papunta sa bagong dating.

“Oh, dear!” Ang mama niya ang sumunod.

Tumakbo na rin ang papa niya at sina Abel at Janina sa babae. Tinulungan ito ng kanyang ina.

Tumawa lang ang babae. “Okay lang po ako, wala po ito.”

Mas kapani-paniwala siguro iyon kung hindi ito naluluha at kung wala itong dugo sa ilong at walang damo sa mga pisngi.

Umiling siya sa sarili at binalingan ang likod ng SUV.

“Magdahan-dahan ka, Mia!” Si Aling Netty iyon. Binuksan ni Cain ang compartment at hinablot ang maleta.

“Ahhh!”

Napatalon silang lahat sa makatindig-balahibong sigaw. Akala mo’y nakakita ng sawa ang kung sinumang sumigaw na iyon.

Napahugot siya ng hangin at napatingin sa langit.

*For f*ck’s sake.* Narito siya para magbakasyon at magpahinga, hindi para atakehin sa puso. Wala pa silang limang minuto rito pero mukhang magkaka-heart palpitations na sila. *Ano ba ’to? Bahay ng Kamalasan?*

“Mia!” sigaw ng isang babae mula sa bahay. “Ikaw talaga! ’Yung niluluto mo, nasusunog na! Gusto mo bang sunugin ’tong bahay?”

Tila sinilaban ang puwitan ng tinawag na Mia. “Ahh! Sorry! Sorry!” Parang trumpong gumegewang itong kumilos palayo.

Mapanuya siyang umiling sa sarili. What the hell was wrong with her? Hindi naman ito naka-heels at patag naman ang damuhan pero parang mas may sense of balance pa rito ang isang pilay na elepante.

“Salamat!” Mabilis itong yumuko kay Janina na umalalay rito nang muntikan itong tumimbuwang ulit at tumakbo na paakyat ng bahay. Nadulas ulit ito sa pangatlong baitang pero sa awa ng langit ay hindi na nadapa.

“Stupid,” usal ni Cain sa sarili saka binalingan

ang ibang mga maleta.



Tatlong klase ng babae ang kinaiinisan ni Cain Joseph Lorenzanas. Madaldal. Magulo. Walang sense kausap.

Si Mia Ballesteros lahat iyon.

“Ay, Tita, napanood n’yo ba ‘yung *Victoria’s Secret Fashion Show* n’ung nakaraan? Ang ganda ni Taylor Swift! Okay naman po siya, di ba? Pero s’abi n’ung isang modelo hindi raw siya bagay maging *Victoria’s Secret Model*. P’wede naman siya, di ba, Tita? Ang ganda n’ung bagong Fantasy Bra nila, di ba?”

Siyempre, ang mama niya, sumang-ayon sa dalaga at nagbigay ng sariling words of wisdom nito tungkol sa economic at worldly importance ng bagong *Victoria’s Secret Fantasy Bra*.

Tumingin siya sa paligid para makahanap ng puwedeng ipantakip sa tainga. Sa tingin ni Cain ay bababa ng twenty points ang IQ niya kapag nakarinig pa siya comment tungkol sa kagandahan ng jewel studded bra.

Hindi naman sa wala siyang interes sa mga *Victoria’s Secret Models* at bra. Lalaki rin siya at mahilig sa mahulmang katawan ng babae. Pero matagal na niyang napagtanto na ochenta y cinco porsiyento ng pagkakataon, inversely proportional ang ganda ng babae sa IQ nito; i.e. kung ano ang ganda ng babae sa labas, siya namang baba ng IQ nito.

Case in point: Mia Ballesteros.

Pinaikot niya ang piraso ng inihaw na liempo sa kanyang plato habang pinagmamasdan si Mia.

Puwede itong gawing poster child ng *au naturel* beauty products. Wala itong makeup at kitang-kita ang makinis nitong mukha na nabubudburan ng kaunti at pinong mga pekas sa ilong at mga pisngi. Siguro dapat nakabawas ang mga pekas sa kabuuang ganda ng dalaga, pero kabaligtaran ang nangyari. Those pale freckles added to her allure, giving her a sense of innocence and angelic charm. Unlike those airbrushed models in magazines and billboards, Mia looked effortlessly beautiful. Tila bumangon lang ito sa higaan, naghilamos at nagtuyo ng mukha at voila—maganda na ito. Napakakapal at napakahaba ng pilikmata ng babae na hindi niya maiwasang isipin kung hindi ba nabibigatan ang mga mata nito roon. Maliit at derecho ang ilong nito na gaya sa mga babae sa ancient Greek myths—may hawig sa mga nasa paintings ni John William Waterhouse. Her skin, her long unruly hair, her doe eyes and thick lashes, everything about her radiated classical beauty.

Bumaba ang mga mata ni Cain sa bibig ng dalaga. He watched the tip of her tongue lick the sauce at the corner of her mouth. He instantly hardened.

Tumaas ang sulok ng mga labi niya.

Iyon lang marahil ang hindi classical sa ganda ni Mia. Her full plump lips were every man's naughty dream. Those lips were made to suck a man's cock.

He could easily picture her kneeling before him, her wide eyes staring up at him as those soft, swollen lips wrapped themselves around his hard length.

May sinabing kung ano ang mama niya at bumungisngis si Mia hanggang sa maubo ito. Tumalsik ang tubig na ininom nito at muntikan na itong mabilaukan.

Umismid siya at umiling sa sarili.

She's beautiful, walang duda roon. Pero marami na siyang nakitang kagaya nito. Beautiful airheads. Bimbos. They're only good for one thing: hard sex. Kapag sinubukang makipag-usap sa mga ito na hindi tungkol sa buhay ng kapitbahay o ng mga sikat na artista o fashion trend, tila paulit-ulit na sumakay ng carousel ang hitsura ng mukha ng mga ito.

Nilagok ni Cain ang tubig sa baso at marahang ibinaba iyon sa mesa. Pinanood niyang hagurin ng ina ang likod ng umuubong si Mia.

Maganda pa rin si Mia kahit parang kamatis na namumula sa pag-ubo. But no thanks. He's not interested. He wanted everything. Beauty, brains, sense of humor, and of course, she had to be driven and ambitious and highly organized. He hated sloppy women.

Inabot ng umuubong si Mia ang pitsel ng tubig sa tabi niya.

“Okay na po, Tita,” anito sa pagitan ng pag-ubo. Pumulupot ang malakandilang mga daliri nito sa hawakan ng pitsel. “Okay na po ako—”

Sabay silang napasinghap nang tumapon sa

kandungan ni Cain ang nagyeyelong tubig.

“Sorry! Sorry!” Inabot nito ang paper napkin sa ilalim ng plato niya at parang domino na sabay-sabay na nahila nito ang plato, kubyertos at baso pabagsak din sa kanyang kandungan.

Tumili ito at di magkandaugagang dinakma ang mga piraso ng liempo sa kanyang pantalon.

“Oh my God! I’m sorry!”

Tumiim-bagang siya at sandaling pumikit.

Naririnig niyang tumatahol si Harry sa background.

Heaven help him. Patience had never been his strongest virtue.

“It’s okay.” Hinagilap ni Cain ang mga pupulsihan ng babae bago pa siya nito masaksak ng kung ano. Hindi niya pinangarap na aksidenteng mahiwa ang kanyang femoral artery.

“I’m so sorry! I’m so—”

“Mia! Ano ka bang bata ka!” Mabilis siyang binigyan ng paper towel ni Aling Netty at tinulungang tanggalin ang mga pagkain sa kanyang kandungan.

“I’m so sorry—”

“Okay lang ’yan, Mia,” alo rito ng kanyang ina. Ngumiti sa kanya ang mama niya at tinanguan siya. “Magpalit ka na muna, Cain, sa kuwarto mo.”

Tumango siya at walang imik na nilisan ang hapag.



Paglabas niya sa banyo ng silid, nakita niyang

tila may conference ang mama niya, si Abel at si Mia malapit sa pinto ng kanyang silid. Bumaling sa kanya ang mga ito nang makalapit siya.

“Cain!” Maningning ang mga mata na lumapit sa kanya ang ina.

Maingat siyang humugot ng hangin. Hindi niya gusto ang ningning sa mga mata nito.

“Gusto mo bang bumalik ulit sa dining o ipadala na lang muna natin dito ’yung pagkain? Or maybe—”

“No, I want to sleep.”

Tumango ang mama niya at ngumiti. Naningkit ang mga mata niya. Isa lang ang ibig sabihin kapag tumiklop agad ang mama niya sa isang topic. May iba itong gustong sabihin.

At hindi siya nagkamali.

“Alam mo ba, Cain, nabanggit ni Mia na—”

Bumukas ang pinto at pumasok si Aling Netty na may dalang tray ng tubig at mga baso. Agad lumapit sa kanya ang matanda.

“Ah, Sir, pasensya na po sa nangyari kanina. Pagpasensyahan n’yo na ho si Mia, talagang medyo lalampa-lampa ang batang ’yan at madaling makadisgrasya. Talaga pong ganyan na siya pagkabata. Parang wala sa sarili, pero hindi po niya ’yon sinasadya—”

“It’s okay,” walang ngiti niyang putol dito.

Tumikom ito at tumango, pagkuwa’y, “Ah, tubig po?”

“No, thank you.”

“Ah.” Alangan itong tumango.

“May lemons ’yang tubig, Cain, gaya ng gusto mo,” dagdag ng ina.

Gusto na niyang itirik ang mga mata. Ano pa ba ang gusto ng mga itong sabihin niya? Nagpasalamat na siya, hindi ba?

“Thank you,” ulit niya dahil mukhang hindi nakuha ng mga ito ang una niyang sinabi. “Pakilagay na lang po sa mesita,” pormal niyang saad.

“Ah, okay po—”

“Ako na, Aling Netty.” Parang matinee idol ang ngiti ni Abel nang kunin nito ang tray ng tubig sa matanda. Siyempre, gaya ng ibang babae, matanda man o bata na nababasbasan ng ngiti ni Abel, nagliwanag ang mga mata ni Aling Netty at ngumiti sa kanyang kambal.

“Ako na, ito lang naman. Salamat.”

Pero hindi ito pinakinggan ng kapatid at kinuha rito ang tray. “Ang sarap ng luto ninyong lechong paksiw, pati ’yung sapin-sapin, masarap din. Gusto po sanang hingin ni Jan ’yung recipe ng sapin-sapin kung p’wede. Mahilig po kasi siyang magluto.”

“Oo ba! Mamaya, ibibigay ko sa kanya.”

Pinanood ni Cain ang pagtapik ni Aling Netty sa pisngi ng kapatid na para bang nawawala nitong anak ang kanyang kakambal. Hindi na bago iyon.

Abel could make anyone feel at ease with his smile and laughter.

“Ah, Tita,” narinig niyang singit ni Mia.

Napatingin siya sa dalaga at nahuli itong

nakatitig din sa kanya. Nanlaki ang mga mata nito at agad binawi ang tingin na tila ba batang nahuling nagnakaw ng candy.

“Uhhh...” Namumula ang malalambot nitong mga pisngi.

Kumunot-noo siya. Bakit ba ang puti nito? Nakatira ito malapit sa dagat, hindi ba dapat ay tan ito kahit papaano?

“Uhm...Tita, ’wag n’yo na pong abalahin si Cain—”

“Nonsense!” Muli siyang binalingan ng ina at muli niyang nakita ang maysa-*Bellatrix Lestrangle* na ningning sa mga mata nito. Gusto niyang pumikit at ibaon ang mukha sa kutson ng kama.

“Si Mia kasi, Cain, kukuha ng Licensure Exam for Teachers sa isang buwan. Tapos siya ng BA Psychology at may units na rin sa Education at gusto niyang maging preschool teacher. Kaya lang nahihirapan siyang mag-review. So, naisip ko, ikaw naman ang pinakamatalinong anak ko—”

“Thanks, Mom,” singit ni Abel mula sa isang kanto.

Matamis na ngumiti rito ang kanilang ina. “You’re wonderful and talented, Abel, but let’s face it, Dear, you’re not as academically bright as your brother. Muntikan ka pa ngang bumagsak sa high school Algebra mo.”

Tumawa ang kambal niya at dramatikong hinawakan ang dibdib nito. “Mom, that hurts!”

Tumawa ang ina ni Cain at si Aling Netty. Kahit

siya ay hindi napigilang kumibot ang mga labi. Resisting his brother was like resisting a wiggling puppy. Noon pa man ay ito na ang ilaw ng pamilya nila. Lahat sila ay nalungkot nang mapagpasyahan nitong umalis ng bahay nila sa Baguio para sundan ang supermodel girlfriend nito sa Manila.

Cain never liked Paulina. Hindi bagay ang materialistic na babaeng iyon sa down to earth na kapatid niya. Isa lang ang mas malala sa isang magandang babae na walang laman ang utak, iyon ay isang magandang babaeng walang laman ang utak at masama pa ang ugali. Si Paulina Valderama iyon. Maaaring bilyonaryo si Abel mula sa mga paintings nito pero sa huli, simpleng tao lang si Abel Isaac Lorenzanas. Magiging miserable ito sa piling ng isang katulad ni Paulina.

At tama naman siya. Nakahinga silang lahat nang maluwa nang tuluyang maghiwalay ang mga ito at maging kasintahan nito si Janina. Dagdag points sa kanya na accountant din ang babae. Janina was not stunning, but she's pretty enough. And she seemed like a nice girl.

“Kaya ang s’abi ko dito kay Mia p’wede kang mag-tutor sa kanya.”

Napakurap si Cain at napabaling ulit ang tingin sa ina. “Excuse me?” aniya, magkasalubong ang mga kilay.

“Ah...” pilit na singit ni Mia pero wala itong laban sa talking powers ng mama niya.

“S’abi ko p’wedeng i-tutor mo siya! Narito lang

naman tayo nang halos isang buwan, I'm sure you can do it. Kahit dalawang oras lang sa isang araw, Cain. It's not—"

"No."

Tumikom ang kanyang ina at pinandilatan siya. Nanatiling matatag ang titig niya nang balingan si Mia. Mukhang gusto na nitong matunaw sa sahog. Nasabi na ba niyang ayaw niya sa mga spineless na babae?

"I'm sorry, Mia, but I can't tutor you. I'm not fit to be a tutor." Binalingan niya ang ina. "You know that, Mother."

Tumiim-labi ang ina at tumuwid ang likod.

"Cain, minsan lang naman—"

"No, Mother, I'm not changing my mind. You know I hate teaching."

Ayaw niyang kontrahin ang ina hangga't maaari, pero may mga bagay na hindi niya puwedeng sang-ayunan na lang. Hindi niya hahayaang itulak-tulak lang siya ng kung sinu-sino kahit pa ng nanay niya.

"Ah, Mom." Pasimpleng lumapit si Abel at si Aling Netty sa pinto ng silid. "Labas muna kami. Mia, labas muna tayo."

"Take Mother with you, Abel. I want to sleep." Tumalikod na siya at tinungo ang kama.

Pagod siya. Narito siya para magbakasyon, hindi ba? Bakit ba hindi siya hayaang matulog ng mga taong ito? Umiling siya sa sarili at kinalas ang wristwatch. Ipinatong niya iyon sa nightstand.

"Mag-usap tayo mamaya," narinig niyang babala

ng ina, pero hindi na niya ito pinansin.

Humiga si Cain sa kama at pumailalim sa kumot.



Chapter Two



I tinaas ni Cain ang mukha sa langit at tinitigan ang kalawakan. Kumikindat sa kanya ang liwanag sa malinaw na langit. Imposibleng makita niya ang ganitong tanawin sa siyudad. Kung minsan, kahit ang buwan ay mahirap matanaw sa kapal ng polusyon sa lungsod.

Dumantay ang malamig na tubig sa kanyang paanan at bumula sa kanyang mga daliri. Ibinaling niya ang titig doon at ngumiti. The cool water felt good. Everything felt good—the sky, the air, the sea. Napakapayapa ng lahat, napatahimik. Walang ingay, walang istorbo, walang—

“Aw!”

Napapikit si Cain at napatungo.

“Aw! Owee...”

Bumuga siya ng hangin at ibiniling ang mukha sa direksyon ng boses.

Parang diwata ng tubig ang dalaga habang nakaluhod ito sa dalampasigan. Tila kumikinang na perlas ang balat nito sa ilalim ng buwan at parang mga hibla ng seda ang malago nitong buhok na nilalaro ng hangin. Hawak nito ang isang paa at tila may tinitingnan sa talampakan nito.

Let me guess, tuya niya sa sarili, natalisod ito sa isang seaweed.

Tingin niya ay kayang saktan ni Mia ang sarili gamit ang isang stuffed toy. Tumalikod siya para galugarin ang kabilang direksyon ng dalampasigan.

“Oweee...”

Nakarinig siya ng kung anong bumagsak na sinundan ng impit na pagtili.

Tumingala siya sa langit.

Well, there goes the peace and quiet...

Pinag-isipan niyang huwag na lang itong pansinin, pero tumawid sa isip niya na nakahandusay si Mia sa dalampasigan, namatay sa aksidenteng paglulon ng dila nito nang matapilok ito sa isang seaweed.

Tumawa siya sa hangin. God, he could really see that happening. Sa katangahan ni Mia, tingin niya ay hindi malabong mangyari iyon isa sa mga araw na ito.

Bumuntong-hininga si Cain at isinuksok ang mga kamay sa balsa. Mabigat ang mga paa, nilapitan niya ang dalaga.

“What happened?”

Napasigaw ito at tuluyang napasalampak ang puwitan sa tubigan. “Uh...” anito, nanatiling nakasalampak sa tubig habang nakatingala sa kanya.

Dumampi ang malamyos na alon sa tagiliran ni Mia at nanuot sa suot nitong puting bestida ang tubig-dagat. Pinanipis niyon ang manipis nang tela hanggang sa humapit iyon nang todo sa katawan nito. Drenched and surrounded by her flowing long hair, she looked like a virgin sacrifice for the Water

God.

His body reacted in a purely primitive manner.

His eyes lazily caressed the swell of her full, perfect breasts. The tips strained against the soft fabric of her damp dress. And because he was a bastard, he wondered what color her nipples were.

Itinaas niya ang mga mata sa mukha nito at nakitang nakaawang ang mga labi ng babae at kulay matinkad na rosas ang mga pisngi nito.

He could imagine himself wrapping her hair around his fingers, his hand cupping her breast as he kneed her thighs apart and...

His gaze flickered back to her eyes.

Nag-angat siya ng kilay. "Hindi ka ba aayos ng tayo?"

Tumikom ang mapupula nitong mga labi at agad itong tumuwid ng upo. Nakataas ang sulok ng mga labi na pinanood niya itong hindi magkandaugaga sa pagtayo.

"Ow," impit nitong daing nang itapak ang kaliwang paa sa buhanginan.

"You're hurt," kaswal niyang komento.

"Ah, wala 'to, natalisod lang."

"Mas may sense of coordination pa sa 'yo ang isang starfish."

Tumawa roon si Mia at napahawak sa batok.

"Lampa na talaga 'ko bata pa lang. S'abi ni Mama, lagi raw akong may bukol noon sa noo at dumudugo ang ilong."

"Mukhang gan'on pa rin naman hanggang

ngayon.”

Niyakap nito ang sarili at muling tumawa. Umihip ang mabining hangin at nakita niyang bahagyang nanginig si Mia.

“Bumalik ka na sa loob, mukhang nilalamig ka na.”

“Hindi okay lang, mayamaya na lang.”

Hindi na niya ito pinilit at naglakad ulit siya palayo rito.

“Teka, s’an ka pupunta?” Narinig niya ang paghabol ng dalaga sa kanya.

“Maglalakad-lakad lang.”

“Baka maligaw ka. Gabi na, walang ibang—”

“I’m not a kid, I can take care of myself.”

Nagpatuloy siya sa paglakad hanggang sa napansin niyang hindi na ito sumusunod sa kanya.

Wala sa sariling napalingon siya rito. Nakatayosi Mia kung saan niya iniwan, yakap ang sarili, nakatungo na parang paslit na iniwan ng mga kalaro nito. Pinigil niya ang pagbuga ng hangin. Masyado ba siyang naging magaspang? Inutusan niya ang mga paang humakbang pabalik sa dalaga.

“I’m sorry.”

Napaigtad ito at napataas ang tingin sa kanya. Malalaki at madidilim ang mga mata nito sa ilalim ng mapusyaw na liwanag ng buwan. She looked so childlike, making him feel like he’d just kicked a puppy.

Isinuklay niya ang mga daliri sa buhok.

*F*ck*. Did he have to say sorry again? “I’m sorry,

I've been rude. Wala akong masamang gustong sabihin."

Dinala ng hangin sa kanya ang samyo ng buhok nito nang mabilis itong umiling. She smelled of wild flowers and sea breeze, sultry and innocent at the same time.

"Hindi, okay lang. Pasensya na rin kung makulit ako. Medyo nakakainis talaga ako minsan. Pasensya na."

Naglakad siya patungo sa parte ng buhangin na hindi naaabot ng tubig at umupo roon. Tinapunan niya ng tingin si Mia at hinintay na sundan siya. Pero nanatili itong parang tuod na nakatayo at nakatitig lang sa kanya. Bagot siyang tumingala sa langit.

"Sit, Mia, I'm not gonna bite."

"Ah!" Alangan itong tumawa at alangan ding sumunod sa kanya. Naglagay ito ng maingat na distansya sa pagitan nila na para bang aso siyang mangangagat dito.

Tinitigan ito ni Cain. Parang mga mata ng usa ang mga mata nito—malalaki at walang muwang.

"You're not very bright, are you?" aniya.

Napakurap ito, pagkatapos ay tumawa. "Parang gan'on na nga."

"Paano ka naka-survive ng twenty-six years nang ganyan ang motor coordination mo?"

Muli itong tumawa, alangan pa rin.

Iniwas niya ang tingin dito at ibinalik sa nagniningning na kalawakan. Pero hindi niya

magawang ituon ang buong atensyon doon. Mia's presence, her warmth, her scent, all those teased his senses.

Gumuhit ang isang meteor sa langit at napasinghap ang dalaga sa tabi niya.

“Oh! Shooting star! Dali, make a wish!”

Umismid siya at iginalaw-galaw ang leeg. Medyo nangangawit na siya sa pagtingala.

“That's just a piece of rock streaking across the sky.”

“Ano? Ibig mong sabihin hindi 'yon star?”

Matabang niyang tinitigan ito. Lukot ang mukha nito na parang batang sinabihang masususpindi ang Pasko.

“Seryoso ka ba?” pakli niya.

Kumunot-noo si Mia at niyakap ang mga binti.

“Uhm... so hindi talaga siya star?”

Seryoso ba ito?

Sa inosenteng pagkurap nito, nakuha ni Cain ang sagot sa tanong niya.

“What the f*ck.” Tumawa siya. Oh, hell. Alam niyang hindi ito katalinuhan, pero naman. Sino ang hindi nakakaalam na hindi star ang mga meteors?

“Mia, alam mo ba kung gaano kalaki ang smallest known star? Malaki pa nang konti sa Jupiter. Alam mo ba kung gaano kalaki ang Jupiter? Kung pag-uusapan ang surface area, 121.9 times na mas malaki ang Jupiter sa planeta natin. Kung babagsak 'yong meteor sa mundo, tingin mo ano'ng mangyayari?”

“Oh.” Napatikom ito at napakunot. “Masama ’yon.”

“Hindi mangyayari ’yon. Mas malaki ang gravitational field ng mga stars kaysa sa mundo. Those shooting stars are meteoroids. Maliliit na parte ng mga asteroids at comets. ’Yung nakikita mong liwanag, dahil ’yun sa init na nalilikha ng paglampas ng hangin d’un sa meteor pagpasok n’un sa atmosphere, aerodynamic heating ang tawag d’un. You see, kapag—”

Mukhang nanlalabo na ang mga mata ni Mia sa paliwanag niya. Umiling si Cain at tumingala ulit sa langit. Ito ang dahilan kaya ayaw niyang makipag-usap sa mga kagaya ni Mia. There’s just nothing to talk about. “Never mind.”

“No! Ituloy mo!”

Napatitig muli siya rito. Nakalapit na ito sa kanya at nakayakap nang mahigpit sa mga binti nito na parang batang naghihintay ng bedtime story nito. Lalo niyang naramdaman ang init ng katawan ng dalaga at tumindi rin ang ang samyo ng buhok nito sa paglapit sa kanya.

Nanatili siyang nakatitig sa mga mata ng dalaga. “You don’t want to hear it.”

“Please, gusto kong marinig. So hindi sila stars? So malaki ang mga stars, ba’t ang liit nila?”

Naiiling siyang tumawa. He gave up. “Saang school ka ba nag-college? No, saang school ka nag-elementary, ba’t di mo alam ’tong mga ’to? And you want to be a teacher?” Umiling siya at tumawa muli.

“Maghanap ka na lang ng ibang profession, Mia. Kawawa ’yung mga batang tuturuan mo.”

Nanigas ang ngiti nito sa mga labi.

Tumitig muli siya sa kalawakan. Nagsasabi lang siya ng totoo. It may hurt, but it’s the truth.

Nakita ni Cain sa gilid ng kanyang mata na yumuko ang dalaga at tumitig sa mga paa nito.

“Oo nga. Talagang mahina ang ulo ko. Pero hindi ’yon kasalanan ng mga teachers ko. Ewan ko ba, s’abi ni Mama, kinain naman niya lahat ng sustansyang kailangan n’ung ipinagbubuntis niya ’ko. Hindi rin naman ako nagkulang sa nutrients habang lumalaki, pero talagang mahina ang pick-up ko. Hindi ’yon kasalanan ng mga teachers ko, talagang—”

“Stop.” Matalim na tumitig si Cain sa dagat na parang bang kasalanan ng mga alon doon ang pagiging matalas ng dila niya. Bakit ba ang baba ng Emotional Quotient niya? Magaling namang makipagkapwa-tao ang mga magulang niya at kapatid. Bakit ba hindi siya nahawa sa mga ito? Kung hindi lang sila magkamukha ni Abel, iisipin niyang napulot lang siya sa kanto ng mga magulang niya. “Stop putting yourself down. Mas lalong nakakainis.”

Tumango si Mia at lalong niyakap ang sarili. Sa dilim ng gabi, para itong nagliliwanag sa suot nitong puting bestida. Para itong fairy princess na naputulan ng pakpak at ngayon ay na-stranded sa lupa. Tumiim-labi siya. What the hell was wrong

with this girl?

“I’m sorry.” Ang hirap ilabas niyon. “I was rude just now and even earlier in my room. About the—” Huminto siya at humugot ng hangin. Pagsisisihan niya ito bukas ng umaga kapag nakapag-isip-isip na siya.

It’s the darn stars, Cain mused. And that white dress. And that heartbroken face. “About tutoring you, we can start tomorrow if you want. Dalawang oras sa umaga habang ’andito kami, okay ba sa ’yo ’yon?”

Sinunggaban nito ang braso niya at napapitlag siya.

“Really?” Parang sugo ng Diyos ang tingin ni Mia sa kanya. “Payag ka na? Talaga? Talaga?”

No, not really, gusto sana niyang sabihin.

Pero hindi na niya magawa. Kayang pasukuin ng kulay-tsokolateng mga mata nito kahit ang pinakapihikang kliyente ng *UBS Investment Philippines*, ang kompanyang pinangangasiwaan niya. He wondered how those eyes would look when glazed with passion.

Umiling siya sa sarili. *Oh, hell*. “Oo, payag na ’ko.”

Tumili ito at itinapon ang sarili sa kanya. Nabuwal siya sa buhanginan sa pagsungab nito.

“Salamat! Salamat!” Halos lingkisin siya ng babae sa higpit ng yakap nito.

Nauubo siyang tumawa. *Hell, parang aso lang ’to ni Janina, nanunungab na lang basta-basta*.

Tumatawa nitong itinaas ang mukha at tinitigan siya.

Napalibutan sila ng kurtina ng kulot nitong buhok at tila natunaw ang mundo sa labas niyon. Those big, brown eyes sparkled with adoration and warmth. All for him.

Nawala ang ngiti ni Cain.

She lay pressed against him, her soft, firm breasts mashed against his hard chest, the soft mound between her thighs warm and inviting against his now aroused maleness. It would be so easy to lift her skirt and push aside her undies, free his aching hardness and burry himself inside her moist heat.

Mula sa kakaunting ilaw na tumatagos sa ulunan nila, nakita niyang lumapad ang ngiti ni Mia.

Naningkit ang mga mata ni Cain. Was she stupid or just naïve? Or maybe she really knew what she was doing and she's just playing stupid?

Hinawakan niya ito sa baywang at sa loob ng ilang sandali, hinayaan niyang manuot lang ang init ng katawan nito sa kanyang palad. Napakaliit ng baywang nito, kaya yatang sakupin ng palad niya.

Itinulak niya ito at mabilis siyang umupo.

“What did you wish for anyway?” Ipinagpag niya ang buhangin sa mga kamay.

“Humingi ako ng solution para sa unrequited love.”

Tinitigan niya ito. Unrequited love. Of course. Ano ba'ng inasahan niya? Cure sa cancer? World

peace?

Naiiling siyang tumayo at pinagpagan din ang puwitan.

“It’s getting late. Let’s go back.”

Walang lingon siyang naunang maglakad pabalik sa bahay.



Chapter Three



“Mia, LCD, Least Common Denominator. Kailangan mong kunin 'yung pinakamababang parehong denominator na meron 'yang dalawang fractions na 'yan para maging same sila. You have to get the LCM to get the LCD. Least Common Multiple. Ano'ng denominator ng one-fifth?”

Nanginginig ang mapupulang labi ng dalaga.

“Five.”

“Correct. Ano'ng denominator ng one-fourth?”

“Four.”

“Correct.”

“Ano ang mga multiples ng five?”

“One—”

“Wrong. Mia, we've been through this. *Hindi* multiple ng five ang one. Iba ang multiple sa factors. Multiple is the result of multiplying a number by an integer. Example: ang twenty-one ay multiple ng three at seven. Ang twelve ay multiple ng two. Multiple din 'to ng six. Ang mga multiples ng two ay two, four, six, eight, ten, and so on. Again, ano ang mga multiples ng five?”

“One, five—”

Pumikit siya at hinilot ang sentido.

“Sorry...”

Nagmulat si Cain at tinitigan ang dalagang nakaupo sa tapat niya. Nakatitig ito sa worksheet sa ibabaw ng mesa na para bang namatay na baby iyon. Sa dami ng maling sagot nito, kung baby iyong worksheet, mamamatay talaga iyon sa kunsumisyon.

Binalingan niya ang relos sa kanang pupulsuhan. Mag-a-alas cuatro na ng hapon.

Tumiim-labi siya. *Great.* Ito ang nangyari sa bakasyon niya. Ang mag-tutor sa isang twenty-six years old na babae na hindi marunong mag-convert ng mixed fractions sa improper fractions.

*For f*ck's sake, napaka-basic n'on!*

Parang gusto niyang i-report ang elementary school ni Mia sa *DepEd* at patanggalan ng lisensya ang mga naging teachers nito. Walang halong biro at panunuya, paano ito naka-graduate ng elementary nang hindi natututunan ang ganoon kasimpleng Mathematics? Ganito ba talaga ang sistema ng edukasyon sa bansa? Paano sila makakausad sa mga topics sa reviewer nito kung simpleng LCM at LCD hindi maarok nitong si Mia? They would never make it to linear equations. Panigurado iyon.

Tumayo siya at niligpit ang ilang papel. "Let's take a break. Pareho na tayong hindi productive. No, let's call it a day. Bukas na lang ulit. Napatagal na rin 'tong session natin. Bukas na lang."

Tumayo siya at walang lingon na tinungo ang pinto.

Dumerecho siya sa kanyang silid. Kailangan niyang matulog. Parang sinipsip ng dalaga ang

energy ni Cain sa pagtuturo niya rito. Ito ang dahilan kaya hindi siya nagtu-tutor noong nag-aaral siya kahit anong pilit ng mga teachers niya.

He was not cut out to be a teacher. Wala siyang pasensya, madali siyang mainis, hindi niya maintindihan kung bakit hindi agad makuha ng iba ang mga napakasimpleng ideya.

Ibinagsak niya ang sarili sa kama at ipinikit ang mga mata. Tulog na siya bago pa siya nakabilang ng sampu.

Nang muli siyang magmulat, madilim na ang paligid.

Kinusot ni Cain ang mga mata at tiningnan ang relos. Ala una y media na. Minasahe niya ang leeg. Hindi siya ginising para sa hapunan pero okay lang iyon sa kanya. Kahit noong bata pa siya, may mga pagkakataon na mas kailangan niya ang matulog kaysa ang kumain. Alam iyon ng pamilya ng binata.

Tinungo niya ang banyo at mabilis na naghilamos bago lumabas ng silid. Hindi na niya binuksan ang main lights dahil may mapusyaw na liwanag mula sa mga lamp shades.

Bumaba siya ng hagdan at lumiko sa kanan para tumungo sa kusina. Sigurado siyang may pagkain pa roon. His mother may be annoying as hell, but Rowena Lorenzanas always knew what her children needed. Naghikab siya at kinusot muli ang mga mata at lumiko ulit sa sumunod na pasilyo.

Natigilan siya.

Bukas ang ilaw sa isang silid at nakabukas din

ang pinto roon.

Napakunot-noo siya. Walang silid-tulugan sa bahaging ito ng bahay at sa pagkakaalam niya ay library ang silid na iyon. Nakalimutan bang patayin ang mga ilaw roon?

Malalaking hakbang niyang nilapitan iyon para i-off ang mga ilaw. May pakiramdam siyang si Mia ang nakaiwang bukas ng mga iyon. Parang may short-term memory loss ang babae. Pati yata kamay nito ay nakakalimutan nito minsan kung nasaan. Siguro dapat niya itong bigyan ng memory enhancing vitamins para—

“Five times three is fifteen, plus two is seventeen. So ang improper fraction ng three and two fifths ay seventeen over five.”

Napatigil si Cain.

“Okay. So, six times eight is... thirty, thirty six, forty... forty-two... forty-eight, forty-eight! Yes, forty-eight! So forty-eight plus one is forty-nine, so ang improper fraction nito ay forty-nine over... over... over six. Seventeen over five minus forty-nine over six. Ang denominator nito ay five, 'yung isa six. Find the LCD by finding the LCM of the denominators. Ang mga multiples ng five ay five, ten, fifteen, twenty, twenty-five, thirty, thirty-five, forty. Ang mga multiples ng six ay six, twelve, eighteen, twenty-four, thirty—'ayun! Thirty! Pareho silang may thirty!”

Humakbang siya ulit hanggang sa humantad sa kanyang paningin ang dalagang nakabaluktot

sa isang matigas na upuan. Nakasubsob ito sa worksheet sa mahabang study table. Nakapusod ang magulong buhok nito at nanlalalim ang mga mata. Suot pa rin ni Mia ang suot nitong bestida kanina pero gusot na iyon at nangingitim na para bang kanina pa nito ipinapahid doon ang mga kamay na may mantsa ng tasa ng lapis.

“Thirty divided by five is six, ’tapos six times seventeen is... one hundred two.”

Napatingin siya sa paligid. Maraming papel sa paligid nito at puwede nang makapuno ng baso ang mga tasa ng mga lapis sa paligid. May baso at pitsel ng tubig sa isang mesita malapit kay Mia at naroon din ang isang plato. Kalahati lang ang bawas ng chopsuey at pork barbecue roon.

Tumitig siya muli sa dalaga.

“Thirty divided by six is five, five times forty-nine is two hundred forty-five. One hundred forty-five minus—”

“One hundred two.”

Napatalon si Mia at muntikan nang mabuwal ang inuupuan nito. Nanlalaki ang mga mata ng babae na parang pusang inilawan ng flashlight.

He stared at her.

Namumula ang mga mata nito dahil sa pagod at namumutla ang natural nitong mapupulang mga labi. Napatitig si Cain sa mga papel sa paligid. Puros mga conversion ng improper at mix fractions ang mga iyon pati na rin ang addition at subtraction ng converted fractions.

May kung anong malakas at mahigpit na puwersang tila lumingkis sa kanyang sikmura.

Hindi ba ito tumigil magmula nang iwan niya kanina?

“One hundred two,” aniya, matamang nakatitig ulit sa namumutlang dalaga. “Hindi one hundred forty-five. Nagkamali ka lang. Napaghalo mo 'yung one hundred two at two hundred forty-five. It happens to everyone. One careless mistake and you sabotage the whole equation.”

Pumasok siya sa silid at umupo sa tapat nito. Napatitig siya sa isang pisngi ng kaharap. May dumi ng lapis doon.

“Go on, let's finish this one problem and then you're off to bed.”

Malalaking mata pa rin itong nakatitig sa kanya, tila isang tuta na natatakot tadyakan ng amo nito. Tumiim-bagang siya at nag-iwas ng tingin kay Mia.

“O... okay,” narinig niyang usal nito. “One hundred two minus two forty-five is... One forty-three. Negative one forty-three over thirty.”

Nagtaas ito ng tingin sa kanya na parang batang hinihintay na patawarin niya. Kumuyom-palad si Cain. Bakit ito nakatitig nang ganoon sa kanya?

Damn her.

Lalo nitong pinapapait ang lasa sa kanyang bibig.

Masama niyang tinitigan ang lapis nito. “Correct. Iyan na 'yon. Wala nang lowest term 'yan.”

“Okay.”

“Go to bed. It’s late. Hindi ka dapat nagpuyat nang ganito.”

Maliit itong ngumiti at gusto na niya itong sigawan sa inis.

“Okay lang. Alam kong mahina ang ulo ko kaya kailangan kong mas mag-aral nang mabuti.”

Hindi humupa ang inis niya sa pag-amin nitong hindi ito matalino. “Pero hindi mo ba naisip na baka kahit mag-aral ka nang mabuti, wala pa rin? Ba’t ba gusto mong maging preschool teacher?”

Hindi ito tumigil sa pagliligpit ng mga kalat at nanatiling nakangiti. “Wala lang.”

“Liar. No offense, but your IQ’s way below average. You have a hard time grasping the simplest Math concepts. Fine, preschool teacher ang gusto mong trabaho at hindi mo kailangan ang LCM at LCD sa pakikipaglaro at pagbubukas ng juice ng mga three-year-olds. But the licensure exam is your biggest obstacle. Pang-ilang beses mo nang take ’to?

“Three? Four? Hindi mo ba naisip na siguro hindi ito ang tamang trabaho para sa ’yo? Bakit hindi mo na lang subukan ang ibang trabaho? Baka mas okay kang florist. Baka mas okay kung tutulong ka na lang sa resort n’yo. Wala namang masama kung hindi mo kayang maging teacher. Baka hindi talaga doon ang talent mo. Kilala mo ba si Einstein? S’abi niya matalino ang lahat ng tao, pero kung huhusgahan mo ang isang isda sa kakayahan nitong umakyat ng puno, buong buhay nitong iisipin na bobo ’to.

“Maybe you’re a fish, Mia, but you want to be a squirrel and climb trees. It’s not gonna happen. You’re not for teaching; you should drop it and find what you’re good at.”

“Hindi ako magaling sa kahit na ano.” Nanatili itong nakatitig sa mga papel nito. Nang nagtaas ng tingin si Mia, natagpuan niyang hindi niya kayang salubungin ang mga mata nito. “Sinubukan ko na, pero wala talaga. Totoo, p’wede akong tumulong sa resort. Papayag naman sina Mama, tutulungan nila ’ko. Pero...”

Pinagsalikop nito ang mga palad at pinabuhol ang mga daliri na para bang gusto nitong pigain ang mga kamay. “Alam mo ang mga bata, hindi sila nanghuhusga. Hindi... hindi pa nila masyadong alam ang pagkakaiba ng mayaman sa mahirap, ng maganda sa pangit, ng matalino sa bobo. ’Yung ganoong edad, hindi pa sila marunong manukso, hindi pa sila marunong magtanim ng galit...”

Inilibot nito ang tingin sa paligid, sa mga papel, sa mga lapis, na para bang may sagot na hinanap sa nakalimutan nitong Math problem. “Hindi sila nanghuhusga, Cain. Masaya lang sila na naroon ka. Hindi sila nanghihingi nang malaki. ’Andoon ka, masaya na sila. Naa-appreciate ka na nila.”

Tumahimik ito at nanatiling nakakatitig sa mga papel. Tumiim-labi siya at tumitig din doon. Parang naging napakainteresante ng mga papel at hindi nila magawang ialis ang paningin sa mga iyon.

“I’m sorry,” pakli ni Cain. “It’s none of my

business, I shouldn't have said those things. You don't have to explain anything to anyone. You don't have to..." Itinaas niya ang mga mata dito.

Nakayuko pa rin ito, nakatitig pa rin sa worksheet na halos mapunit na sa dami ng bura. Patak ba ng luha ang ilan sa mantsa sa mga papel? Naiyak na ba ito sa pagod at frustration? Hinagod niya ng tingin ang ibang worksheets. May sagot lahat iyon kahit na madumi at halos mapunit na.

Ibinuka niya ang mga kamao, hindi niya namalayang ikinuyom niya pala ang mga kamay. Ipinukol niyang muli ang mga mata sa tuktok ng nakayukong ulo ni Mia.

"Hindi mo kailangang sumuko sa gusto mo dahil sinasabi ng ibang tao na hindi mo kaya. The things I've said, they're arrogant and judgmental. I'm sorry. Do what you want, Mia. 'Wag kang makinig sa mga nagsasabing hindi mo kaya. Hindi sila Diyos, ikaw pa rin ang nakakaalam kung hanggang saan ang kaya mo."

Nagtaas ito ng tingin, nangingilid ang luha sa mga mata.

She looked awful. Namumula ang ilong at mga mata nito. Isa-isang tumulo ang luha nito at tumulo rin ang sipon.

Tumaas ang sulok ng labi niya at pinunasan ang sipon ng dalaga.

"Sorry..." Sumisinghot nitong pinunasan ang mga luha.

Tumayo si Cain at ipinahid ang sipon nito sa

likod ng kanyang pantalon. “Tama na ’yan. Ayusin na natin ’to. Kailangan mo nang matulog.”

Tinipon niya ang mga papel at lapis ng babae.

